# Aral mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 22

"7 Mapapalad ang mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7)

Tayo'y magpapatuloy sa mensaheng ito upang mahanap natin paano ang Diyos ay nagpapakita ng Kanayng habag upang ating maunawaan paano natin ipapakita ang ating habag sa iba.

Ating ngayong basahin ang mga sumusunod na pangyayari na sinabi ni Jesus. "10 May dalawang lalaking nagsipanhik sa templo upang magsipanalangin; ang isa'y Fariseo, at ang isa'y maniningil ng buwis. 11 Ang Fariseo ay nakatayo at nanalangin sa kaniyang sarili ng ganito, Dios, pinasasalamatan kita, na hindi ako gaya ng ibang mga tao, na mga manglulupig, mga liko, mga mapangalunya, o hindi man lamang gaya ng maniningil ng buwis na ito.12 Makalawa akong nagaayuno sa isang linggo; nagbibigay ako ng ikapu ng lahat kong kinakamtan. 13 Datapuwa't ang maniningil ng buwis, na nakatayo sa malayo, ay ayaw na itingin man lamang ang kaniyang mga mata sa langit, kundi dinadagukan ang kaniyang dibdib, na sinasabi, Dios, ikaw ay mahabag sa akin, na isang makasalanan. 14Sinasabi ko sa inyo, Nanaog at umuwi sa kaniyang bahay ang taong ito na inaaaringganap kay sa isa: sapagka't ang bawa't nagmamataas sa kaniyang sarili ay mabababa; datapuwa't ang nagpapakababa sa kaniyang sarili ay matataas." (Lucas 18:10-14)

Ang katangian ng pagsisisi at pagtalikod sa ating mga kasalanan ay ang paraan upang matanggap natin ang habag ng Diyos.

Kapag tayo ay nagpapakumbaba sa harap ng Panginoon at magsisi sa harap Niya, matatangap natin ang kapatawaran at ariing ganap sa harap ng Panginoon.

Kapag tayo ay nakatayo sa harap ng Diyos at makita natin ang ating sarili ng walang kasalanan kung gayon tayo ay katulad ng Fariseo iyon.

"11 Ang Fariseo ay nakatayo at nanalangin sa kaniyang sarili ng ganito, Dios, pinasasalamatan kita, na hindi ako gaya ng ibang mga tao, na mga manglulupig, mga liko, mga mapangalunya, o hindi man lamang gaya ng maniningil ng buwis na ito. 12 Makalawa akong nagaayuno sa isang linggo; nagbibigay ako ng ikapu ng lahat kong kinakamtan." (Lucas 18:11-12)

1. Ang Fariseo ay nakatayo: Siya ay higit na nagtitiwala at may sariling katuwiran iniisip ang kanyang sarii ay walang bahid na kasalanan. Kapag tayo ay higit na nagtitiwala, iniisip natin sa ating sarili na wala tayong pangkukulang, lalo kapag mayroon tayong ministerio at ginagawa ang ilang gawain sa Diyos o malapit sa Diyos at sa Kanyang Salita. Kaya't kailangan nating maging maingat sapagkat ito'y darating kapag tayo ay may ginagawang ilang serbisyo at ministerio sa Diyos.

2. At nanalangin ng ganito: Ang estilo ng pananalangin ay tumutukoy sa personalidad at puso ng ugali ng isang tao sa harapan ng Diyos. Ang sarili katuwiran ay kung saan makikita mo ang iyong sarili ng walang kamalian habang mayroong kamalian at ito'y makaalis ng habag ng Diyos.

Sarili-katuwiran; ito ay kapag ang tao ay iniisip niya ang tungkol sa kanyang na mayroong iba ngunit sa totoo silay wala. Ang sarili katuwiran ay kapag nakikita mo ang iyong sarili at nakita mo ang lahat ay tama sa iyo ngunit sa realidad ito'y hindi totoo.

Ang Sariling katuwiran ay kapag isinaalang alang mo ang iyong sarili ay mataas ngunit ang iba na nakapaligid sayo ay makasalanan. Ito ay nangyayari kapag pinagtitibay mo na ang ilang patakaran at nais mo makita ang iba na sumusunod sa kanila. Kapag sila'y hindi sumusunod sa patakarang ito isinasaalng alang mo ang iyong sarili ay matuwid at mataas kaysa sa kanila at sila'y nasa ilalim mo.

Alam mo, kahit sa ilang panahon, ang hindi mananampalataya na ating minamaliit dahil silay hindi maliligtas, silay maari may ginagawa o silay maari may paguugali na mas mabuti kaysa sa atin at iyon ang dahilan kung bakit

kailangan nating na mas higit na mahiya at higit na magsisi sa ating paguugali patungo sa Diyos at patungo sa kanila.

Sa oras ng pagparito ng ating Panginoong Jesu Cristo sa mundo may mga grupo ng Fariseo na isinasaalang alang nila na ang kanilang sarili ay may pinakamataas na antas sa pamantayan ng pangrelihiyong pamayanan; isinasaalang alang nila ang kanilang sarili ay primera klase.; iniisip nila sa kanilang sarili ay ang pinakamalapit na tao sa Diyos, ang tanging tao na sumusunod sa Diyos. Sila'y nagmamasid sa ilang mga utos tulad ng pagdadala ng ikasampung bahagi ng kanilang bunga at anuman ang kanilang kitain at mayroon sa Diyos, sila'y nagaayuno dalawang beses sa isang linggo. Kailangan natin maintindihan na pagbibigay ng ikapu at pagaayuno ay kailangang sundin, ngunit dapat hindi tayo mabigo na tumugon at sumunod sa iba pang mga utos tulad ng pagibig, pagpapakita ng habag, katapatan at pagkakaloob ng hatol.

Ang mga Fariseo sa kanilang pagsunod sa ilang utos ng Diyos sila'y mga bulag na tingnan kung ano ang sinasabi ng Diyos sa Kaniyang Salita tungkol sa ibang mga alintuntunin. Sa ibang salita, sila'y hindi tumutupad ng husto sa kung ano ang Diyos at ano talaga ang nais Niya sa kanila na maging.

3. Dios, pinasasalamatan kita: Ang Fariseo, ang mapagmalaki at ang sariling katuwiran ay hindi talaga nanalangin. Siya humihingi sa Diyos sa wala. Siya'y nagpapasalamat sa kung ano siya, hindi para sa ano ang Diyos ay.

Ang Fariseo ay hindi nakikita ang kabutihan ng Diyos, habag at pagibig. Siya ay may sariling katuwiran. Para sa kanya ay akma sa anong sinabi sa Salita ng Diyos. "17 Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalaman ikaw ang aba maralita at dukha at bulag at hubad: 18 Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman: at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang Pahayag ang iyong kahihiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makikita." (Pahayag 3:17-18 KJV) Kung ikaw ay may ganitong paguugali at nakikita mo ang iyong sarili na ganito hindi ka makakatanggap ng habag ng Diyos.

4. Na hindi ako gaya ng ibang mga tao, na mga manglulupig, mga liko, mga mapangalunya, o hindi man lang gaya ng maniningil ng buwis na ito. Ang Fariseo ay isinasaalang alang niya ang kaniyang sarili na perpekto sapagkat hindi niya tinitingnang mabuti sa salamin, ang Salita ng Diyos, na ipinapakita ang kaniyang kakulangan, kasalatan, kahirapan at kahubaran. Kapag tayo ay tumitingin sa ilang mga kasalanan at hindi sa ibang mga kasalanan, tayo ay bulag upang makita ang ating sariling mga kasalanan. Ang Fariseo ay nabigong tingnan ang kanyang sariling kasalanan dahil sa sariling katuwiran na para sa kanya ay hindi kasalanan, samakatuwid iniwan niya ang presensya ng Diyos ng walang pagmamatuwid. Siya'y nabigo na tanggapin sapagkat siya'y nabigo upang magsisi; siya'y nabigong ipakumbaba ang kanyang sarili at nabigo upang hingin ang habag ng Diyos.

Siya'y nabigo upang magsisi sapagkat hindi niya tiningana ang kanyang sariling mga kasalanan ngunit tiningnan niya ang kasalanan ng iba. Pangingikil, kawalan ng hustisya, at pangangalunya lahat ay mga kasalanan, ngunit ang sariling katuwiran ay kasalanan din. Hindi lamang yan, ngunit ang paguugali ng Fariseo ay may poot sa publikano nang sinabi niya sa Diyos "O hindi man lang gaya ng maniningil ng buwis na ito", na parang ginagalita niya ang Diyos laban sa publikano. Na parang mayroong labanan sa pagitan niya laban dun sa tao. Hinanakit, galit, sariling katuwiran, panghuhusga sa iba, at pagiinsuoto sa kanila sa presensya ng Diyos ay pumipigil ng habag ng Diyos para abutin tayo.

Pati na rin ang Fariseo ay hindi nakita ang mabuting bagay sa iba, hindi niya nakita na ang publikano ay nagsisisi, siya pumunta para manalangin, nakatayo sa malayo, hindi niya nakita na ang publikano ay hindi man lang maitingin ang kanyang mga mata o kanyang ulo sa langit. Ang sariling katuwiran ay nagpapabulag sa atin para makita ang mabuting bagay sa iba.

5. Makalawa akong nagaayuno sa isang linggo; nagbibigay ako ng ikapu ng lahat ng aking kinakamtan. Ngayon narito ang punto kung nakikita natin ang ating sarili na ginagawa natin ang pabor sa Diyos, kung gayon paano natin aasahan na matatanggap natin ang biyaya. Sinasabi niya sa Diyos, ano pa ang higit na inaasahan mo mula sa akin, ako'y naayuno, ibinigay ko ang aking ikapu, hindi ako gumagawa ng pangangalunya, hindi ako nagnanakaw,

hindi ako gumagawa ng masama, kaya ano pa ang kailangan ko upang ibigay sayo ng higit? Sa ilang panahon ang ating masamang paguugali at sariling katuwiran ay naglalayo ng habag ng Diyos at iba pang pribilehiyo mula sa atin. Huwag mong tingnan kung ano ang ibinibigay mo sa Diyos, datpuwa't tingnan mo kung ano ang ibinibigay Niya sayo. Huwag mong tingnan ang mabuting bagay na iyong ginagawa datawpat tingnan at bigyang atensyon sa mabuting bagay na hindi mo ginagawa.

Sa kaibahan ng Fariseo sa pangkat ng mga publikano, ang maniningil ng mga buwis. Sila'y itinuturing bilang mababa grupo ng tao na malayo mula sa Diyos dahil sa kanilang trabaho na naniningil ng buwis at pera mula sa mga tao. Ilan sa kanila ay pinipilit ang mga tao upang magbigay ng higit at sila'y nagsasagawa ng pangingikil. Samakatuwid sila'y kasuklam suklam na pangkat sa lipunan at sila'y itinuturing na kabilang sa mga makasalanan. Kahit ngayon, wala ni isa nais magbayad lalo na kung ito'y higit na hinihiling o itinatalaga na maging.

Ngunit ang Panginoong JesuCristo ay dumating upang iligtas ang mga makasalanan, "12 Datapuwa't nang ito'y marinig niya, ay kaniyang sinabi, Ang mga walang sakit ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga may sakit. 13 Datapuwa't magsihayo kayo at inyong pagaralan kung ano ang kahulugan nito, Habag ang ibig ko, at hindi hain: sapagka't hindi ako naparito upang tumawag ng mga matuwid, kundi ng mga makasalanan." (Mateo 9:12-13) Siya'y dumating upang iligtas ang mga makasalanan at upang magkaroon ng habag sa mga makasalanan. Si Jesus ay dumating din upang iligtas ang mga Fariseo ngunit hindi nila kaya makita Siya. Siya'y dumating upang iligtas tayo at kahabagan tayo. Siya'y namatay sa krus para sa ating mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa kamatayan noong ikatlong araw sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Ang mga naniniwala sa Kanya at nagtitiwala ng kanilang buhay sa Kanyang kamay binago Niya sila; silay binago na katulad Niya. Kahit sa pinaka masamang makasalanan si Jesus ay kaya Niyang baguhin sila sa malalim na paraan, upang maging bagong nilalang, isang bagong tao ganap na naiiba mula sa nakaraan. Kaya kailangan nating baguhin ang ating pagiisip tungkol sa ibang tao, ang makasalanan, ang pinaka masamang makasalanan, sapagkat ang Diyos ay maari at magbabago sa kanila.

Ngayon ang kaibahan sa pagitan ng Fariseo at ng maniningil ng buwis na nagpunta sa templo upang manalangin ay hindi sa kanilang relihiyon o spiritual na kinagisnan na nagawa nilang mangatwiran sa harap ng Diyos ngunit sa paraang paano sila lumapit sa Diyos.

Tayo ay tinawag upang ibaba ang ating mga sarili sa harapan ng Diyos at makita kung paano maging mas mabuting tao sa harap Niya. Ang Banal na Kasulatan ay makakatulong sa atin upang makita kung paano tayo mas magiging mabuting tao sa harap ng Diyos. Mabuting makita mo ang iyong sarili na makasalanan at hindi karapat dapat sa harap ng Diyos sapagkat mag-aanyaya ng higit ang habag mula sa Diyos sa iyong buhay.

"13 Datapuwa't ang maniningil ng buwis, na nakatayo sa malayo, ay ayaw na itingin man lamang ang kaniyang mga mata sa langit, kundi dinadagukan ang kaniyang dibdib, na sinasabi, Dios, ikaw ay mahabag sa akin, na isang makasalanan." (Lucas 18:13) Ating pansinin ang katangian ng pagsisi ng publikano:

1. Nakatayo sa malayo: Siya ay alisto na siya ay tatanggihan. Siya ay natatakot sa Diyos at natatakot na ang kaniyang kasalanan ay maaring hindi matanggap siya. Hindi siya umaasa ng sobra, ngunit nagsusumamo ng awa

2. Na ayaw man lamang itingin ang kanyang mga mata sa langit: Siya'y nahihiya sa kanyng maling ginawa upang tumingin sa Diyos.

Ikaw ba ay nahihiya sa iyong maling ginawa? Ikaw ba ay nahihiya sa iyong mga kasalanan? Mahiya ka sa iyong mga kasalanan at sa iyong maling ginawa. Hindi lamang magkaroon ka ng habag sa iba sa pamamagitan ng hindi pamamaliit sa iba kundi magkaroon ka ng awa sa iyong sarili sa pamamagitan ng pagbabago sa iyong paguugali upang ang Diyos ay mahabag sayo.

3. Dinadagukan ang kaniyang dibdib: Paglalagay ng pagkakamali sa kanyang sarili at pagsisisi sa kaniyang maling ginawa. Oo tingnan mo iyong mga kasalanan ng mabuti at ilagay ang pagkakamali sa iyong mga kasalanan sa iyong sarili at humingi ng kapatawaran mula sa Diyos.

4. Dios, ikaw ay mahabag sa akin, isang makasalanan: Pagtanggap sa kaniyang kasalanan at paghingi sa Diyos upang patawarin siya at mahabag sa kanya. Ang maniningil ng buwis nang siya ay nakatayo sa harap ng Diyos siya'y naghahanap para sa habag; nahingi ng biyaya, upang mapatawad para sa mga kasalanan na kanyang nagawa. Siya'y malinaw na nababagabag at nababalisa ang kanyang pakiramdam ng kanyang pagiging hindi karapat dapat at siya nagkumbaba na hindi man lamang makatingala sa langit, ngunit dinadagukan niya ang kanyang dibdib at sinabi, "Dios ikaw ay mahabag sa akin isang makasalanan" Sa ganito paguugali matatanggap natin ang habag ng Diyos.

Ang Publikano ay hindi tumingin o iniisip ang Fariseo na nakatayo sa kanyang harapan, hindi siya tumingin sa iba ngunit siya tumingin sa Diyos, siya'y nagsisi at ginawa ang kanyang gawain ng maayos.

Sa aking mahal at minamahal:

Ano ng uri ng asal at paguugali na dinadala mo sa iyong buhay?

Suriin mo ang iyong sarili mula sa Salita ng Diyos na natanggap mo ngayon.

Ikaw ba ay may sariling katuwiran at ano ang ginawa mo mula ilang mga bagay sa Diyos sa pagbibigay at pagaayuno na gawa mong may sariling katuwiran at nagawa mong tingnang mababa ang iba.

Kailangan mo nang magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan at maging mapagkumbaba, isipin ang iyong sarili at isipin ang iyong personal na buhay, hayaan mo ang Banal na Espiritu ay siyasatin ka, magsisi ka sa lahat ng iyong mga kasalanan, kahit ito'y malaki o maliit, matakkt ka sa Diyos at manginig ka sa Kanyang presensya, hingin ang habag mula sa Kanya upang ang Kanyang biyaya ay maabot ka at maibalik ka sa Kanya.

Ating ngayon tingnan si Jesus ang may akda at ang tagapagtapos ng ating pananampalataya. Ating pagsisihan ang ating mga kasalanan, ating talikuran ang ating maling paguugali at ating kakulangan sa harap ng Diyos. Huwag nating gampanan ang patakaran ng hukom para ito pagaari ng Diyos. Huwag nating gawin sa ating sarili ang mga bagay na hindi natin trabaho.

Huwag nating tingnan ang kasalanan ng iba, ngunit tingnan natin ang sarili nating mga kasalanan, at ating tingnan ang pagiging hindi ng karapat dapat sa harap ng Diyos dahil sa ating mga kasalanan na maari tayong makiusap sa Kanya ngayon upang matanggap ang biyaya at habag sa oras na ito ng pangangailangan.

Ating ibaba ang ating sarili sa kamay nh Diyis na may tunay na pagsisisi. Totoo na hindi tayo nagnakaw, nangangalunya,o pag patay, ngunit ang sariling katuwiran, pagtingin ng mababa sa iba at paghatol sa iba na totoong nagsisisi ay mga kasalanan ay kailangan nating talikuran ang lahat ng kasalanan ito. Ating gawin na upang tayo ay maitaas at maaring banal at matanggap ang biyaya habag mula sa Panginoon at maibsan at mabuhay ng mapayapa kasama ng Diyos at ng mga tao.

Tayo ay manalangin:
Ama naming Diyos kami ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus, namatay sa krus para aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.

Ating ihayag at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan sa Panginoon. Ating talikuran ang ating pagmamataas, pagmamalaki, sariling katuwiran, at pagtingin ng mababa sa iba. Ating talikuran ang ating katigasan ng ulo, sobrang pagtitiwala, at kawalan ng kababaang loob. Ating alalahanin ang lahat ng ating mga kasalanan na nagawa natin sa nakaraan at ating pagsisihan ng lahat ng iyon. Ating isipin ang ating sariling gawain at tingnan kung ano ang mali sa atin at gumawa kasama ang Diyos upang ituwid ito.

Ating ibigay ang ating sarili upang mabuhay sa kababaang loob, kabanalan, upang makinig at sumunod sa boses ng Diyos at gawin ng may kasigasigan kung ano hinihingi Niya sa atin na gawin at upang ipakita ang habag sa mga nais niya sa atin na ipakita.

Ating ipagkatiwala ang ating sarili upang sumunod sa katuruan sa mensaheng ito at huwag natin tingnan ng mababa ang iba at magsalita ng masama at masamang salita laban sa kanila habang silay nagsisi at lumalapit sa Diyos.

Ating pasalamatan ang Diyos para the habag na ating natanggap mula sa Kanya sa pagligtas sa atin, sa pagpapatawad sa ating mga kasalanan, sa pagpapalaya sa atin mula sa mga kaguluhan, at sa pagbibigay ng pabor at habag sa oras ng pangangailangan.

Panginoon inilalagak ko ang aking buhay na maging handa na magpakita ng awa bilang pagpapakita mo ng awa mo sa akin. Panginoon, aking inilalagak ko aking sarili upang dinggin ang iyong Bose's at sa mga tgaubili ng iyong Salita. Panginoon, aking inilalagak ang aking sarili. Panginoon inilalagak ko amg aking sarili na huwag mapanghusga sa iba at huwag tingnan mababa ang iba.

Panginoon aking inilalagak ang sarili upang ipahayag ang iyong Mabuting Nakita sa aking pamilya, sa aking kasangbahay, kaibigan, kamaganakan, at sa mga taong nakapaligid sa akin at upang ipakita sa kanila Ang parehong awa na iyong ipinakita sa akin.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ang kanilang sarili sa harap mo, tinalikuran ang kanilang mga kasalanan at handang ilapat ang prinsipyo na natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito at ipakita ang awa sa iba bilang sila'y natanggap ng iyong habag mula sayo. Panginoon protektahan mo sila at ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang kailangan. Panginoon aliwin mo sila at siguraduhin na ikaw ay sumasakanila at pangunahan sila sa kanilang buhay. Panginoon punuin mo ulit sila ng iyong Banal na Espiritu at gawin na kanilang buhay na patotoo ay kaakiakit sa iba upang ang mga tao ay maniwala sayo at simulang sumunod sayo ay mamuhay ayon sa iyong Salita. Panginoon gamitin mo sila upang makapagebanghelyo at makagawa ng bagong alagad mo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan upang tulungan kami, protektahan kami, at ibigay sa amin upang makapagpatuloy ng paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon punuin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at makayanan namin na makapagebanghelyo at upang maabuto ang bagong mga tao kasama ng Mabuting balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon bigyan mo kami ng bunga ng Banal ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayayapaan, kababang loob, pagpipigip sa sarili, kahinahunan, pagtitiis,mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatan kabutihan upang magpatuloy at maglingkod sayo ng mas mahusay na pamamaraan na sumasalamin ng katangian ni Jesus sa aming buhay.

Panginoon kami'y nanalangin na kami'y iyong bigyang daan na mkapagtanim ng bagong pag- aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan at maabot ang bagong bayan at bagong mga lugar. Panginoon pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain. Sumaamin nawa ang iyong kamay at palayain kami mula sa kapahamakan upang hindi kami makaranas ng sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pkipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng kayo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at , malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.